**Estado ng Illinois**

**Department of Employment Security**

# Inihain Ko ang Aking Claim Ano ang Mangyayari Ngayon?

IDES
ILLINOIS DEPARTMENT OF EMPLOYMENT SECURITY

# UI Finding

Sa loob ng 7-10 araw ng paghain ng iyong claim, makakatanggap ka ng UI Finding sa koreo (tingnan ang sample sa ibaba). Bukod sa iba pang mga bagay, ipinapakita ng UI Finding ang iyong base period wages, ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo, at ang iyong bi-weekly na araw ng sertipikasyon.

Illinois Department of Employment Security

P.O. Box 19509
Springfeild, IL 62794
Telepono: (800) 244-5631 TTY: (800) 244-5631
Fax: (217) 557-4913
www.ides.illinois.gov

JOE SMITH
123 MAIN ST
CHICAGO, IL 12345-6789

Petsa Kailan Ipinadala: 03/18/2022
Claimant ID: 1234564

## UI Finding

Uri ng Dependyente: Wala
Paraan ng Pagbabayad Direktang Deposito
Huling Employer:
Dahilan ng Kawalan ng Trabaho: Nagbitiw

Uri ng Paghahain: Internet

Huling Araw na Nagtrabaho: 01/27/2022

Ang iyong bi-weekly na araw ng sertipikasyon ay: Lunes

Ang iyong unang petsa ng sertipikasyon ay: 02/14/2022

Ang pinakamahusay na paraan para magpatunay para sa mga benepisyo ay ang internet. Maaari kang magpatunay para sa mga benepisyo online sa www.ides.illinois.gov/certify. Maaari ka ring magpatunay sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa (312) 338-4337. Ang mga serbisyong ito ay available Lunes - Biyernes mula 3:00 ng umaga hanggang 7:30 ng gabi.

Pinili mong ibawas ang pederal na buwis sa kita mula sa iyong mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. 10.00% ang kukunin at ipapadala sa Internal Revenue Service.

Pinili mong ibawas ang pang-estadong buwis sa kita mula sa iyong mga benepisyo sa kawalan ng trabaho. 4.95% ang kukunin at ipapadala sa Illinois Department of Revenue.

Dati mong pinili na ang iyong mga tseke na pagbabayad sa benepisyo sa kawalan ng trabaho ay direktang ideposito sa iyong checking account. Isinasaad ng aming rekord na ang huling apat na numero ng iyong checking account ay sa . Anumang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho na dapat bayaran ay elektronikong idedeposito sa account na ito. Kung ang impormasyong ito ay hindi wasto, maaari mong i-update ang iyong bank account number at routing number sa pamamagitan ng internet sa www.ides.illinois.gov o makipag-ugnayan sa Ahensya sa numero ng telepono na nakalista sa itaas.

Petsa ng Simula ng Taon ng Benepisyo 01/30/2022
Petsa ng Claim: 01/30/2022

Petsa ng Katapusan ng Taon ng Benepisyo 01/29/2023
Uri ng Programa:

Kwalipikadong Period Quarters at Sahod na Binayaran

| Pangalan ng Employer | Q4/2020 ($) | Q1/2020 ($) | Q2/2021 ($) | Q3/2021 ($) |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

*Kung ang alinman sa mga sahod na ipinapakita sa itaas ay hindi sa iyo, o kung walang sahod na ipinapakita sa itaas, makipag-ugnayan sa Departamento sa numero ng telepono na nakalista sa itaas.

Pagpapasiya sa UI Monetary

Lingguhang Halaga ng Benepisyo:    Allowance ng Dependyente:    Halaga ng Benepisyo Bawat Linggo:

Pinakamataas na Balanse ng Benepisyo (Hindi kabilang ang dependency allowance)

Kung sa tingin mo ay hindi wasto ang impormasyong ito o nangangailangan ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa numero ng telepono na nakalista sa itaas.

# Mga Kinakailangan sa Sertipikasyon

- Magpatunay *[certify]* kada dalawang linggo upang makatanggap ng mga benepisyo.
    - Maaari kang magpatunay online sa website ng IDES O sa pamamagitan ng telepono gamit ang Tele-Serve system.
- Magpatunay sa iyong itinalagang araw ng sertipikasyon: Lunes, Martes, o Miyerkules.
    - Kung makaligtaan mo ang iyong regular na araw ng sertipikasyon, maaari kang magpatunay sa Huwebes o Biyernes ng linggong iyon.
- Iulat ang lahat ng kabuuang sahod na kinita sa mga linggong sakop ng sertipikasyon.
    - Ang kabuuang sahod ay ang halagang kinikita mo bago ibawas sa suweldo ang mga buwis at iba pang mga pagkakaltas.
    - Dapat iulat ang mga sahod para sa linggo kung kailan sila kinita, hindi sa linggo kung kailan ka nakatanggap ng bayad.
- Kahit na mayroon kang nakabinbing adjudication interview, dapat kang magpatuloy sa pagpapatunay gaya ng dati.

# Online na Sertipikasyon

## Lunes hanggang Biyernes 3:00 ng umaga hanggang 7:30 ng gabi

- Ang pinakamahusay na paraan para magpatunay para sa mga benepisyo ay online sa **www.ides.illinois.gov/certify**.
- Sundin ang mga instruksiyon para magpatunay sa iyong unemployment insurance account.

# Mga Katanungan sa Sertipikasyon

Kapag ikaw ay nagpatunay kada dalawang linggo, ikaw ay tatanungin ng mga tanong na nakalista sa ibaba. Maaari itong makatulong na ihanda ang iyong mga sagot bago ka magpatunay. Tutukuyin ng iyong mga sagot sa mga tanong ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Depende sa programa kung saan ka tumatanggap ng mga benepisyo, maaari ka ring tanungin ng mga karagdagang katanungan.

1. Nakatanggap ka na ba o makakatanggap ka ba ng holiday pay sa panahon ng Linggo hanggang Sabado (petsa ng simula ng unang linggo hanggang sa petsa ng katapusan ng ikalawang linggo)?
    - Kung oo, ilagay ang kabuuang halaga ng iyong holiday pay (bago ang mga pagkakaltas) para sa bawat linggo.
2. Nagtrabaho ka ba sa panahon ng Linggo (petsa ng simula ng unang linggo) hanggang Sabado (petsa ng katapusan ng ikalawang linggo)?
    - Kung oo, ilagay ang kabuuang halaga ng mga kita (bago ang mga pagkakaltas) para sa bawat linggo.
3. Nagbago ba ang iyong dependency status sa panahon ng sertipikasyon na ito?
4. Nagawa mo bang magtrabaho araw-araw sa panahon ng iyong normal na linggo ng trabaho?
    - Kung hindi, ilagay ang bilang ng mga araw na hindi ka available magtrabaho sa bawat linggo.
5. Aktibo ka bang naghanap ng trabaho para sa linggo ng Linggo (petsa ng simula ng unang linggo) hanggang Sabado (petsa ng katapusan ng ikalawang linggo)?
6. Maliban sa Social Security, ikaw ba ay tumatanggap o nag-apply para sa pensiyon sa pagreretiro o kapansanan?
    - Kung oo, nagbago ba ang halaga?
7. Pumasok ka ba sa paaralan o nakatanggap ng pagsasanay?
    - Kung oo, dumalo ka ba sa lahat ng nakaiskedyul na kurso sa pagsasanay?
    - Kung hindi, ilagay ang bilang ng mga araw na hindi ka pumasok sa klase.
8. Mayroon ka bang kasalukuyang claim sa kompensasyon ng mga manggagawa o inaasahan mo bang makatanggap ng kompensasyon ng mga manggagawa para sa pansamantalang pagkabaldado?
9. Nagbago ba ang iyong numero ng telepono?
    - Kung oo, ilagay ang iyong bagong sampung digit na numero ng telepono.
10. Nagbago ba ang iyong address ng pagpapadalhan [mailing address]?

# Tele-Serve

## Lunes hanggang Biyernes 3:00 ng umaga hanggang 7:30 ng gabi
## (312) 338-IDES / (312) 338-4337

### Illinois Relay: (800) 526-0844 TTY or 711
### Illinois Relay: (800) 526-0857 Voice or 711

Ang Tele-Serve ay isang awtomatikong sistema ng telepono na nagbibigay-daan sa iyo na:

- Magpatunay para sa mga benepisyo sa unemployment insurance;
- Tingnan ang status ng iyong unemployment claim, at higit pa.

Sa unang pagkakataong ikaw ay tumawag, gagawa ka ng personal identification number (PIN). Panatilihing ligtas at secure ang iyong PIN. Kakailanganin mo ang iyong PIN sa tuwing ikaw ay tatawag. Kapag ikaw ay tatawag, ihanda ang sumusunod na impormasyon:

1. Ang iyong Social Security number at ang iyong PIN;
2. Anumang kabuuang sahod na iyong kinita (bago ang mga buwis at iba pang mga pagkakaltas) sa panahon ng sertipikasyon;
3. Papel at lapis upang isulat ang anumang impormasyong ibinigay sa iyo sa panahon ng iyong tawag.

Pagkatapos i-dial ang Tele-Serve, ilagay ang iyong PIN at sagutin ang mga awtomatikong tanong. Huwag ibababa ang tawag hanggang sa sabihin sa inyo ng Tele-Serve na ang iyong claim ay natanggap na.

Menu ng Tele-Serve:

Pindutin ang 1: Upang sabihin ang mga linggo ng kawalan ng trabaho (patunayan)
Pindutin ang 2: Upang maghain ng karagdagang claim o upang muling buksan ang isang claim para sa mga benepisyo sa unemployment insurance
Pindutin ang 3: Para tingnan ang status ng iyong claim (para humiling din ng Federal Income Tax form 1099-G)
Pindutin ang 4: Gumawa ng o baguhin ang iyong PIN
Pindutin ang 5: Kumuha ng pangkalahatang impormasyon

# Karagdagang Impormasyon

**Kinakailangan sa Pagpaparehistro sa Serbisyo sa Pagtatrabaho**
Ikaw ay dapat na magrehistro sa IllinoisJobLink.com upang makatanggap ng mga benepisyo sa unemployment insurance. Upang magrehistro, dapat kang gumawa ng isang account at mag-upload ng resume sa IllinoisJobLink.com. Tutulungan ka ng IllinoisJobLink.com na makahanap ng mga available na trabaho at pagsasanay. Ipapaalam sa iyo ng IDES kung ikaw ay angkop sa isa sa mga kakaunting eksepsyon sa legal na pangangailangang ito.

**Kinakailangan sa Paghahanap ng Trabaho**
Ikaw ay dapat na aktibong naghahanap ng trabaho para makakuha ng mga benepisyo. Kung maghahanap ka ng trabaho sa IllinoisJobLink.com, awtomatikong mapapanatili ang iyong mga pagsusumikap sa paghahanap ng trabaho. Ang paghahanap ng trabaho na isinagawa sa labas ng IllinoisJobLink.com ay maaari ding itala sa form ng Work Search Record (ADJ034F), na makikita sa ides.illinois.gov.

Itago ang iyong mga rekord sa paghahanap ng trabaho. Maaaring hingin sa iyo na ibahagi ang iyong mga rekord sa paghahanap ng trabaho mula sa mga nakaraang linggo. Itago ang iyong nakasulat na mga rekord sa paghahanap ng trabaho ng kahit isang taon. Kung ikaw ay mayroong nakabinbing apela, itago ang iyong nakasulat na mga rekord sa paghahanap ng trabaho hanggang sa maresolba ang apela.

**Mga Kumpanya ng Pansamantalang Tulong**
Kung huli kang nagtrabaho sa isang kumpanya ng pansamantalang tulong, siguraduhing makipag-ugnayan sa kumpanyang iyon bawat linggo para sa trabaho upang mapanatili ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo.

**Pagbabalik sa Trabaho**
Dapat mong iulat kaagad sa IDES ang iyong pagbabalik sa trabaho. Ang mga employer ay kinakailangang iulat sa IDES ang lahat ng mga bagong tanggap. Ang mga ulat na ito ay ginagamit upang tukuyin ang mga indibidwal na nangongolekta ng mga benepisyo sa unemployment insurance pagkatapos nilang bumalik sa trabaho. Ang hindi pag-ulat ng iyong pagbabalik sa trabaho o lahat ng kabuuang sahod na kinita sa mga linggong sakop ng iyong sertipikasyon ay magreresulta sa labis na pagbabayad ng mga benepisyo at posibleng isang pagtukoy ng pandaraya. Kung may natukoy na pandaraya, maaaring kabilang sa mga kahihinatnan ang pagpataw ng mga linggo ng parusa, at pag-uusig para sa pandaraya sa benepisyo ng estado. Maaari mong iulat ang iyong pagbabalik sa trabaho kapag ikaw ay magpapatunay.

**Linggo ng Paghihintay**
Ang unang kwalipikadong linggo ng pag-claim sa isang bagong taon ng benepisyo ay isang linggo ng paghihintay. Walang mga benepisyo ang babayaran para sa linggo ng paghihintay.

**Mga Bahagyang Benepisyo**
Kung ang iyong kabuuang sahod sa anumang linggo ay mas mababa kaysa sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo, maaari ka pa ring maging karapat-dapat na makatanggap ng mga bahagyang benepisyo.

**Mga Paraan ng Pagbabayad**
Maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng papel na tseke (default na paraan) o direktang deposito [direct deposit]. Ikaw ay lubos na hinihikayat na piliin ang direct deposit. Maaari kang mag-enroll sa direct deposit kapag maghahain ka ng iyong claim. Pagkatapos magpatunay, mangyaring maghintay ng hanggang 8 araw upang matanggap ang iyong bayad sa pamamagitan ng tseke, o 2-3 araw para sa direct deposit.

**Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho**
Sa ilalim ng mga pederal na alituntunin, maaari kang matukoy bilang karapat-dapat para sa Mga Serbisyo sa Muling Pagtatrabaho na inaalok ng iba't ibang pang-estado at lokal na organisasyon. Kung ikaw ay ire-refer ng IDES sa alinman sa mga serbisyong ito sa muling pagtatrabaho, kailangan mong lumahok sa mga serbisyong iyon. Kung ikaw ay hindi lalahok, maaaring masuspinde ang iyong mga benepisyo.

**Mga Adjudication Interview**
Maaaring kailanganin ang isang adjudication interview upang matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kung kinakailangan, ikaw ay makakatanggap ng notisya sa pamamagitan ng liham na may petsa at oras ng panayam sa telepono. Ang pagkabigong maging available para sa panayam ay maaaring makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kung hindi ka maaari sa petsa at oras ng nakatakdang panayam, responsibilidad mong makipag-ugnayan sa IDES gamit ang form ng pagbabago ng pakikipanayam na nakalakip sa notisya.

**Mga Apela**
Ikaw ay may karapatan na umapela sa anumang desisyon na tumatanggi sa iyong mga benepisyo. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apela, makipag-ugnayan sa IDES. Kung ikaw ay nagsampa ng isang apela, ipagpatuloy ang pagpapatunay para sa mga linggo ng iyong kawalan ng trabaho, kahit na maaaring hindi ka makatanggap ng mga benepisyo hanggang sa mapagpasyahan ang apela.

**Address ng Pagpapadalhan**
Hindi ipadadala ng U.S. Postal Service ang IDES mail. Maaari mong baguhin ang iyong address, pangalan o iba pang impormasyon online sa ides.illinois.gov o maaari kang tumawag sa IDES Claimant Services sa (800) 244-5631.

**Mga Pang-Estado at Pederal na Buwis**
Ang unemployment insurance ay napapailalim sa mga pang-estado at pederal na buwis sa kita. Maaari mong kusang piliin na ikaltas at kunin mula sa iyong mga benepisyo ang alinman o parehong pang-estado at pederal na mga buwis sa kita. Ang withholding ay itinakda sa 10% para sa pederal at 4.95% para sa Estado ng Illinois.

**Kompidensyalidad**
Ang iyong impormasyon sa pag-claim ay kumpidensyal sa ilalim ng batas. Hindi kami makakapagbigay ng impormasyon sa pag-claim sa iyong asawa o iba pang miyembro ng pamilya. Gayunpaman, alinsunod sa Seksyon 1900 ng Unemployment Insurance Act, ang anumang impormasyong ibibigay mo sa Department of Employment Security kaugnay ng iyong claim ay maaaring ibahagi sa iyong mga dating employer o sa kanilang mga kinatawan.

# Mahahalagang Paunawa

**Bakit Nangongolekta at Gumagamit ang IDES ng Social Security Numbers**
Ang Illinois Department of Employment Security ay nangongolekta at gumagamit ng Social Security Numbers (SSNs) sa pangangasiwa ng unemployment insurance at mga programa sa serbisyo sa pagtatrabaho. Ang batas ng estado at pederal ay nag-aatas sa Departamento na gumamit ng SSNs para sa layunin ng pagberipika ng pagkakakilanlan ng mga claimant ng benepisyo sa kawalan ng trabaho. Ginagamit ang SSNs sa pangangasiwa ng programa sa serbisyo sa pagtatrabaho upang beripikahin na ang mga claimant ng benepisyo sa kawalan ng trabaho ay nakarehistro para sa trabaho sa serbisyo sa pagtatrabaho, ayon sa kinakailangan ng batas. Gumagamit din ang Departamento ng SSNs sa pagbuo ng pinagsama-samang istatistika. Ang pinagsama-samang istatistika ay hindi tumutukoy sa mga indibidwal o nagbubunyag ng anumang SSNs. Sumusunod ang Departamento sa mga mahigpit na kahilingang itinakda sa batas ng pederal at estado para sa pagpapanatili ng kompidensyalidad ng SSNs at pagprotekta laban sa hindi awtorisadong pagsisiwalat nito.

**Mga Benepisyo sa Tulong ng TRA**
Ang mga manggagawang nawalan ng trabaho o nakakaranas ng nabawasang oras ng trabaho at sahod bilang resulta ng pagtaas ng import o paglipat ng kanilang mga trabaho sa ibang mga bansa ay maaaring maging kuwalipikado para sa mga karagdagang benepisyo sa ilalim ng pederal na Trade Act ng 1974 at mga susog nito (Trade Act ng 2002 o Trade and Globalization Adjustment Assistance Act 2009 o Trade Adjustment Assistance Extension Act ng 2011 o Trade Adjustment Assistance Reauthorization Act ng 2015.) Ang grupo ng manggagawa ay dapat na sertipikado bilang karapat-dapat ng Department of Labor ng Estados Unidos. Kabilang sa mga benepisyong pinangangasiwaan ng IDES ang suporta sa kita, ang Health Coverage Tax Credit at reemployment wage supplement para sa mga matatandang manggagawa.

**Pantay na Oportunidad ang Batas**
Ang Illinois Department of Employment Security (IDES) ay nangangasiwa ng mga programang awtorisado sa ilalim ng Wagner-Peyser Act (Employment Service) at mga programa sa Unemployment Insurance na awtorisado sa ilalim ng Title III ng Social Security Act. Labag sa batas para sa Illinois Department of Employment Security (IDES), na tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal, na magdiskrimina sa mga sumusunod na batayan: Laban sa sinumang indibidwal sa Estados Unidos, batay sa lahi, edad, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan, kaugnayan o paniniwala sa pulitika; at laban sa sinumang benepisyaryo ng mga programang pinansyal na tinutulungan sa ilalim ng Title I ng Workforce Investment Act ng 1998 (WIA), batay sa citizenship/status ng benepisyaryo bilang isang imigrante na pinahihintulutang magtrabaho sa Estados Unidos, o ang kanyang pakikilahok sa anumang programa o aktibidad na pinansyal na tinutulungan ng WIA Title I.

**Hindi Dapat Magdiskrimina ang IDES sa Alinman sa Mga Sumusunod na Aspeto**:
Pagpapasya kung sino ang tatanggapin, o magkakaroon ng access, sa anumang programa o aktibidad na pinansyal na tinutulungan ng WIA Title I; pagbibigay ng mga oportunidad sa, o pagtrato sa sinumang tao patungkol sa, naturang programa o aktibidad; o paggawa ng mga desisyon sa trabaho sa pangangasiwa ng, o kaugnay ng, naturang programa o aktibidad.

**Ano ang Gagawin Kung Naniniwala kang Nakaranas Ka ng Diskriminasyon:**
Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon sa ilalim ng mga programa o aktibidad ng “Employment Service” o “Unemployment Insurance,” maaari kang magsampa ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng sinabing paglabag sa alinman sa: IDES Equal Opportunity Officer, Office of Equal Employment Opportunity/Affirmative Action, 33 S. State Street, Chicago, Illinois 60603-2803 o: Direktor ng Civil Rights Center (CRC) U.S. Department of Labor, 200 Constitution Avenue NW, Room N-4123, Washington, DC 20210

Kung ikaw ay magsasampa ng iyong reklamo sa IDES, kailangan mong maghintay hanggang sa maglabas ang IDES ng nakasulat na Notice of Final Action, o hanggang sa lumipas ang 90 araw (alinman ang mas maaga), bago maghain sa Civil Rights Center (tingnan ang address sa itaas).

Kung hindi ka bibigyan ng IDES ng nakasulat na Notice of Final Action sa loob ng 90 araw sa araw kung kailan mo isinampa ang iyong reklamo, hindi mo na kailangang hintayin ang IDES na maglabas ng Notice na iyon bago maghain ng reklamo sa CRC. Gayunpaman, kailangan mong maghain ng iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw ng 90-araw na deadline (sa madaling salita, sa loob ng 120 araw pagkatapos ng araw kung kailan mo isinampa ang iyong reklamo sa IDES).

Kung binigyan ka ng IDES ng nakasulat na Notice of Final Action sa iyong reklamo ngunit hindi ka nasisiyahan sa desisyon o resolusyon, maaari kang magsampa ng reklamo sa CRC. Dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang Notice of Final Action ng IDES.

Ang IDES ay isang employer na may pantay na oportunidad at sumusunod sa lahat ng mga pang-estado at pederal na mga batas na walang diskriminasyon sa pangangasiwa ng mga programa nito. Ang mga karagdagang tulong at serbisyo ay available sa mga indibidwal na may mga kapansanan kapag hiniling. Makipag-ugnayan sa Office Manager ng tanggapan ng IDES na pinakamalapit sa inyo o sa IDES Equal Opportunity Officer sa (312) 793-9290 o TDD (888) 340-1007.

Inilimbag sa pamamagitan ng awtoridad ng Estado ng Illinois Rev. 05/2022